

Pangunahing Paksang Mapag-uusapan



- Magagamit na ngayon ang \$1 billion ng mga may-ari ng bahay sa Californiang nahuhuli sa kanilang mga bayad sa bahay o reverse mortgage arrearages nang pandemya ng COVID-19.
- Maaring tumungo sa CaMortgageRelief.org ang mga interesado para malaman kung sila ay karapat-dapat.
- Ang mga tulong ay makukuha sa pamamagitan ng aming Sentro ng Ugnayan o Contact Center sa 1-888-840-2594. Para sa mga tanong, maaaring makipag-ugnayan ang mga may-ari ng bahay sa info@camortgagerelief.org.
 - Dagdag pa rito, ang mga tulong ay makukuha sa pamamagitan ng naglilingkod sa utang sa bahay ng mga may-ari ng bahay o sa pamamagitan ng pagtawag sa isang HUD-certified na tagapayo sa 1-800-569-4287.
- Ang mga may-ari ng bahay na hindi nakapagbayad para sa kanilang pangunahing tirahan, humarap sa kahirapan sa pananalapi nang panahon ng pandemya at may karapat-dapat na pangangailangang kita ng sambahayan batay sa Karaniwang Kita Ayon sa Lugar ay maaaring karapat-dapat para sa mga pondo sa tulong sa utang sa bahay.
- Ang mga perang nilaan sa pamamagitan ng programa ay hindi kailangang ibalik ang bayad. Ang mga pondong naigawad ay tuwirang ibabayad sa naglilingkod sa utang sa bahay na may hangganang \$80,000 bawat bahay.
- Sa ganitong halaga ng pondong pederal, umaasang makakatulong ang programa sa pagitan ng 20,000 at 40,000 na mga may-ari ng bahay sa California. Ang pagsisikap ng programang makarating sa mas marami ay higit na ibabatay sa mga datos na may tuon sa pakikipag-ugnayan sa mga naninirahang nahihirapan sa lipunan.
- Ang programa ay pinondohan ng Homeowner Assistance Fund ng American Rescue Plan Act ng 2021 at pinamamahalaan ng CalHFA Homeowner Relief Corporation bilang bahagi ng Housing Is Key sa pangunguna ng estado.